



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2021-0009
Title	<u>PhilHealth Coverage for Outpatient Hemodialysis Benefit Package to a Maximum of 144 sessions for CY 2021</u>

Tanong	Sagot
Ano ang basehan ng PhilHealth upang gawing 144 ang coverage ng hemodialysis?	Ito ay sa kadahilanan na ang COVID-19 pandemic ay patuloy na humahamon sa sistemang pangkalusugan ng ating bansa at nagdudulot ng kahirapan at pagkawala ng buhay. Bilang tugon, ang PhilHealth, sa pamamagitan ng PhilHealth Board Resolution No. 2611 s. 2021, ay nagtakda ng maximum na hemodialysis benefit package hanggang 144 sessions para sa taong 2021.
Ano ang layunin ng polisiya/benepisyo?	Layon ng polisiya na ilahad ang mga panuntunan ukol sa benepisyong outpatient hemodialysis na nagtatakda ng maximum limit ng hemodialysis hanggang 144 session para sa taong 2021.
Ano ang sakop ng polisiya/benepisyo?	Sakop ng polisiyang ito ang lahat ng miyembro ng PhilHealth at kanilang mga kwalipikadong dependent na may chronic kidney disease stage 5 (CKD5) na kasalukuyang naka-enrol sa PhilHealth Dialysis Database (PDD). Nakasaad sa polisiyang ito ang pagbabayad ng higit sa 90 hanggang 144 hemodialysis sessions hanggang sa ika-31 Disyembre 2021.
Kapag naospital ang isang pasyente na may CKD5 at kinailangan ng dialysis, maaari bang gamitin ang benepisyong ito?	Hindi. Sapagkat ang polisiyang ito ay eksklusibong itinakda para sa outpatient hemodialysis sessions lamang .
Kapag hindi nagamit ng pasyenteng may CKD5 ang 91 st – 144 th hemodialysis session, maaari ba itong magamit/idagdag sa taong 2021?	Hindi. Sapagkat ang sakop ng polisiyang ito ay hanggang Disyembre 31, 2021 lamang .
Maaari bang mag-direct file sa PhilHealth ang isang miyembro/pasyente kapag	Oo, maaari siyang mag-direct file. Magtungo lamang sa pinaka-malapit na PhilHealth Regional Office/Branch Office o Local Health Insurance Office (LHIO) at sundin





TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2021-0009
Title	<u>PhilHealth Coverage for Outpatient Hemodialysis Benefit Package to a Maximum of 144 sessions for CY 2021</u>

binayaran nito ang kanyang 91st – 144th hemodialysis sessions?

ang mga umiiral na panuntunan para sa pagpapa-file ng claim ayon sa PhilHealth Circular No. 20 s. 2014 (ACR Policy No. 4 - Directly Filed Claims for All Case Rates and Return to Sender).

